**Panuto:** Batay sa mga hudyat na may salungguhit sa pangungusap, tukuyin kung ito ay SANHI o BUNGA. Ilagay ito sa nakalaang kahon bago ang bilang.

1. Itinuring ng mga tao si Angel Locsin na 'Real Life Darna' dahil sa walang sawang pagtulong nito sa mga ito.
2. Dulot ng hindi pagsunod ng mga tao sa social distancing, kaya patuloy ang pagtaas ng bilang ng mayroong Covid-19 sa ating bansa.
3. Dulot ng labis na pagpuputol ng mga puno, kaya naman nagkakaroon ng malubhang pagbaha tuwing umuulan.
4. Nagtratrabaho nang mabuti si tatay sapagkat nais niyang bigyan kami ng maayos na buhay.
5. Si Waren ay natulog kaninang tanghali kung kaya siya ay nahirapang makatulog sa gabi.
6. Labis na nasiyahan si Anna sapagkat siya ay nakakuha ng mataas na grado.
7. Si Joshua ay mabait na bata palibhasa pinalaki siya ng maayos ng kaniyang mga magulang.
8. Ngayong buwan ng Agosto ay magbabalik na ang klase tuloy tuwang-tuwa o nagagalak ang mga bata sa kanilang mga bahay.
9. Ang mga mangingisda ay kailangan pang pumalaot kasi kakaunti na lamang ang kanilang nahuhuling mga isda.
10. Maraming minahan ang ipinasara ng DENR sapagkat sinisira ng mga ito an gating kalikasan.

LIVEWORKSHEETS